Moorebank Intermodal Precinct

Filipino




**Ang Moorebank Intermodal Precinct ay isa sa pinaka-mahalagang pang-industriya at intermodal na lugar sa Australya. Ang laki at kapasidad ng presinto ay isang kauna-unahan sa Australya at magpapabago sa daloy ng produkto at serbisyo sa bansa, na mag-aalis sa sampu-sampong libong mga trak na gumagamit sa mga daan, pati na rin ang pagpapababa ng mga gastos para sa mga negosyo at mga mamimili sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mahusay at napapanatiling pagproseso at paghahatid ng kalakal.**

Moorebank Intermodal Precinct

**Moorebank Intermodal Precinct**

Kami ay progresibong naglulunsad sa bagong tatak ng pagkakakilanlan para sa Moorebank Intermodal Precinct at makikita na ito sa karatula ng aming proyekto, sa pag-iimbakan (hoarding) at mga komunikasyon sa komunidad. Inilunsad na rin ang aming bagong website, www.moorebank.au na may mga bagong katangian, kabilang ang mga video sa pag-update ng konstruksyon; isang animated na fly-through at binagong impormasyon sa komunidad at aklatan ng dokumento.

# Agosto 2023 na Update sa Konstruksyon

## Mga Pagpapaganda sa Daan

Ang trabaho sa pagpapaganda ng interseksyon sa Moorebank Avenue at Anzac Road ay nagpapatuloy. Ang mga pangunahing bagay na dapat nalalaman ng komunidad ay:

- Ang mga pagtrabaho sa mga labas ng oras upang ma-upgrade ang interseksyon ay mangyayari hanggang sa katapusan ng Setyembre.
- Ang pangunahing daanan sa konstruksyon ng Moorebank Precinct West ay ang Ba-paume Road na; ang Chatham Avenue ay permanenteng nakasara.
- Ang access sa Moorebank Precinct West, sa pamamagitan ng interseksyon ng Moore-bank Avenue at Anzac Road papuntang Bushmaster Avenue, ay magbubukas sa ikalawang kalahating taon ng 2023.

Samantala, patuloy na isinusulong ng National Intermodal ang mga gawain bago umpisahan ang konstruksyon para sa Moorebank Avenue Realignment. Ang karamihan ng Mga Plano sa Pangangasiwa sa Kapaligiran ay naaprubahan na at maaaring matingnan sa www.moorebank.au. Ang konstruksyon ay nasa takdang oras na mag-umpisa sa 2024.


## Pagsulong ng Bodega at Imprastraktura

Nagkaroon ng isang malaking hakbang pasulong noong Hulyo ang pag-unlad ng Moorebank Intermodal Precinct. Sa isang makasaysayang kaganapan, nakumpleto ang konstrukson sa National Distribution Centre ng Primary Connect sa Moorebank Precinct West. Kapag pinatatakbo na sa 2024, ang Moorebank NDC ay magpapala-kas sa pambansang daloy ng produkto ng Primary Connect at maglilingkod sa mahigit 1000 na mga Supermarket ng Woolworths sa buong Australya. Binabati namin ang la-hat na kasali!

Ang Precinct ay higit na susulong kapag ang Mainfreight at Qube Logistics ay papasukin sa Warehouse 7 at Warehouse 6 sa Moore-bank Precinct East sa Q3 2023.

Sa iba pang mga balita ng pag-unlad, patu-loy ang paglunsad ng pagpapakabit ng mga solar panel sa mga bodega sa silangan ng lugar. Sa taong ito, mahigit na 27,000 sqm ng espasyo sa bubong ay nalagyan na ng mga solar panels.

Naumpisahan na ang konstruksyon ng mga bodega sa hilaga ng Moorebank Precinct West at inaasahang makukumpleto sa unang bahagi ng 2024. Depende sa mga pag-apruba, uumpisahan namin ang kon-struksyon ng mga bodega sa timog ng Moorebank Precinct West sa unang bahagi ng 2024.


Ang mga bodega sa Moorebank Precinct East ay malapit nang makumpleto


Primary Connect (Woolworths) National Distribution Centre



EcoLogical, ang kontratista ng biodiversity ng National Intermodal, na nagtatrabaho sa mga lugar na biodiversity offset

## Interstate na Terminal ng Tren

Ang pagpapatayo ng Interstate na Terminal ng Tren ay maayos na nagpapatuloy at nasa takdang oras para sa pagsisimula ng operasyon sa 2024. Ang konstruksyon ng mabigat na simento ay isinasagawa at malapit nang makumpleto ang preparasyon sa trabaho ng riles.

## Trabaho sa Kapaligiran

Nagpapatuloy ang nakatuong pagsisikap ng National Intermodal upang mapabuti ang ekolohikal na halaga ng mga lugar na biodi-versity offset ng MIP. Sa pamamagitan ng matagumpay na pagtatapos ng unang taon ng mga inisyatibang pagbabagong-buhay, malaking pag-unlad ang natamo. Sa pama-magitan ng pagpatay sa mga eksotikong damo, ang kapaligiran ay nakahanda na pa-ra sa pagbabagong-buhay at paglago ng mga katutubong halaman lahi.

Sa hinaharap, tututukan ng National Inter-modal ang isang komprehensibong es-tratehiya na sumasaklaw sa karagdagang pagpuksa ng damo, ang paglilinis ng dating itinapon na basura, at isang malawakan na muling pagtatanim ng mga katutubong mga tanim (species). Ang pamamaraang ito na may iba't-ibang bahagi ay nakatakdang mangyari sa mga lugar na Moorebank Offset at sa dating lokasyon na Defence rail spur. Kapana-panabik na ang pag-alis ng De-fence rail spur ay isasabay sa Moorebank Avenue Realignment, kung saan ay na-katakdang mag-umpisa ang mga trabaho sa unang bahagi ng 2024.

Sa pagsasama-sama, binibigyang-diin ng mga magkakasabay na pagsisikap na ito ang aming pangako sa pagbubuo ng mga napapanatiling tirahan ng mga lokal na halaman at mga hayop at sinisiguro ang pangmatagalang pangangalaga ng mga katutubong tanim (species).

## Mga Oras ng Operasyon at Konstruksyon

Ang aprubadong mga oras ng operasyon sa Intermodal Facility (kabilang ang Rail Link at Pagbobodega ng Import Export Terminal,) ay 24 oras, 7 araw sa isang linggo.

### Mga Pagtrabaho sa Dis-oras

Ang aming mga gawain ay karaniwang isinasagawa sa loob ng karaniwang oras ng konstruksyon, gayunpaman maaaring mayroong mga partikular na aktibidad o hindi maiiwasang mga pangyayari na mangangailangang magtrabaho sa labas ng oras-opisina upang mabawasan ang epekto sa komunidad, mga gumagamit ng daan at mga lokal na negosyo.

Ang mga pagtatrabahong ito ay i-aabiso nang maaga sa pamamagitan ng website at isang letterbox drop sa mga apektadong residente at negosyo.

**Ang aprubadong karaniwang oras ng trabaho sa konstruksyon ay:**

**Moorebank Precinct West**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
Sabado: ika-8 ng umaga –
ika-1 ng hapon

**Moorebank Precinct East**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
Sabado: ika-7 ng umaga –
ika-1 ng hapon

## Pakikipag-ugnayan

Upang makipag-ugnay, humiling ng impormasyon o magreklamo:

**TUMAWAG SA AMIN**
1800 986 465

**MAG-EMAIL SA AMIN**
moorebank@tsamgt.com

**SUMULAT SA AMIN**
Level 15, 207 Kent Street,
Sydney, NSW, 2000

Para sa karagdagang impormasyon,
mangyaring bumisita sa aming website **moorebank.au**

